Pangalan: ___________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

**Anekdota**

**I. PANUTO:** Piliin at salungguhitan sa loob ng panaklong ang angkop na salitang kokompleto sa bawat **pangungusap.**

1. Ang anekdota ay isang uri ng tekstong (nagtatanong, nagbabahagi) tungkol sa personal na karanasan ng isang tao.

2. Ang anekdota ay isang (maikling, mahabang) katha tungkol sa isang tanyag na tao.

3. Karaniwang nakapokus sa (nakatutuwang, seryosong) pangyayari ang pamamaraan ng pagsulat ng anekdota.

4. Hango sa (hindi totoong, totoong) mga pangyayari sa buhay ang anekdota.

5. Ang layunin ng anekdota ay magbigay ng aral o mensahe sa mga mambabasa sa paraang (nakalilibang, seryoso).

**II. PANUTO:** Basahin at unawain ang anekdotang nasa ibaba. Pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

**Palabiro Pala**

Minsan sa panunungkulan ni dating Pangulong Manuel L. Quezon, samantalang siya ay nasa isang silid-tulugan ng pagamutan dahil sa isang karamdaman, isang matalik na kaibigan ang dumating at nais siyang dalawin. Siya si Padre Serapio Tamayo, noon ay Rektor ng Pamantasan ng Santo Tomas.

Kaya't atubili ang guwardiya na siya'y papasukin. Bago pa pumasok ang panauhing pari sa pribadong silid ng Pangulong Quezon ay may humadlang na rito.

Hinarang ang pari ng nars na nakatalagang mag-alaga sa pangulo. Agaw-pansin ang pagiging mahigpit ng nars. Nang magpumilit ang pari ay nagbitiw ng salita ang nars, "Mawalang-galang na po, Padre, maghintay lamang po sandali dahil kailangan ko po munang ipagbigay-alam sa pangulo ang inyong pagbisita."

Wikang Ingles ang ginamit ng nars sa pagpapabatid sa pangulo na mayroong gustong dumalaw sa kaniyang pari. Sinabi niyang, "Mr. President, the priest is here." At dahil sa hindi sinasadyang namaling pagbigkas ng nars sa salitang priest, naging iba ang inakala ng pangulo, ang buong akala niya ay member of the press o mamamahayag ang dumalaw sa kaniya. Madalas doon ang mga mamamahayag at inaantabayanan ang maysakit na pangulo upang makapanayam.

Isang pabirong utos ang tinuran ng pangulo, "Sabihin mo sa "press" to go to hell!" Subalit bago niya natapos ang pangungusap na ito ay nakapasok na ang pari sa silid ng pangulo at narinig ang pahayag na yaon. Nagkatinginan at *nagkatawanan na lamang ang lahat.*

6. Anong katangian ni dating Pangulong Manuel L. Quezon ang ipinakikita sa tekstong napakinggan?

   a. Si dating Pangulong Manuel L. Quezon ay palabiro.

   b. Si dating Pangulong Manuel L. Quezon ay masungit.

   c. Si dating Pangulong Manuel L. Quezon ay hindi marunong makinig.

   d. Si dating Pangulong Manuel L. Quezon ay hindi tumatanggap ng bisita.

7. Anong ugali ng nars ang ipinakikita sa teksto nang bigkasin niya ang pangungusap na, "Mr. President, the priest is here"?

   a. Maasikaso sa kaniyang pasyente
   b. May pagmamahal sa wikang Filipino
   c. Ipinagmamalaki ang wikang dayuhan
   d. Masunurin sa utos ng may awtoridad

8. Ano ang napansin mo sa uri ng tekstong napakinggan?
   a. Ito ay may mga tauhang ginagampanan ng mga hayop.
   b. Ito ay isang anyo ng panitikan na nagsasalaysay ng pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan.
   c. Ito ay tumutukoy sa kakaiba o nakatutuwang pangyayaring naganap sa buhay ng isang kilala o tanyag na tao.
   d. Ito ay isang maikling sulatin na naglalaman ng saloobin, damdamin, at mga gawain ng sumulat sa isang tiyak na araw o pangyayari.

9. Sinong matalik na kaibigan ng dating Pangulong Manuel L. Quezon ang bumisita sa kaniya sa ospital?
   a. Si Padre Serapico Rivera, Rektor ng Pamantasan ng Santo Tomas
   b. Si Padre Serapio Tamayo, Rektor ng Pamantasan ng Santo Tomas
   c. Si Padre Seraphim Montoya, Rektor ng Pamantasan ng Santo Tomas
   d. Si Padre Serafin Valderrama, Rektor ng Pamantasan ng Santo Tomas

10. Sa anong dahilan kaya nagtawanan ang tatlong tauhan sa anekdota; si dating Pangulong Manuel L. Quezon, ang nars at pari?
   a. Sapagkat natuklasan nila na may hindi lang pala pagkakaintindihan sa sinabi ng nars na imbes na "priest", "press" ang kaniyang nawika.
   b. Sapagkat namali lang pala ng kuwartong papasukan ang pari at laki ng kaniyang pagkagitla na kuwarto ng pangulo ang kaniyang napasukan.
   c. Sapagkat natisod ang pari sa kaniyang paglalakad. Mabuti na lamang ay hindi siya nasubsob sa lupa.
   d. Sapagkat maragal na naghihintay ang pari sa labas ngunit hindi alam ng nars na matagal palang hinihintay ng pangulo ang pari.